



FEDERAL TRADE COMMISSION

PROTECTING AMERICA'S CONSUMERS

Phishing: Don't take the bait

Phishing: Huwag magpapain

Espesyalista sa Edukasyon ng Mamimili, FTC

Ang Phishing ay kapag ang isang tao ay gumagamit ng mga pekeng email o text – kahit mga tawag sa telepono – para linlangin kang magbahagi ng mahalagang personal na impormasyon, gaya ng mga numero ng account, mga Social Security number, o mga login ID at password mo. Ginagamit ng mga scammer ang impormasyong ito para nakawin ang iyong pera, o iyong pagkakakilanlan, o pareho. Maaari rin nilang subukang i-access ang iyong computer o network. Kung magki-click ka sa link sa isa sa mga email o text na ito, maaari silang mag-install ng ransomware o iba pang mga program na mag-la-lock out sa iyo sa iyong data at magpapahintulot sa kanilang nakawin ang iyong personal na impormasyon.

Madalas na gumagamit ang mga scammer ng mga pamilyar na pangalan ng kumpanya at magpapanggap na sila ay kilala mo. Pipilitin ka nilang kumilos na ngayon – o kaya ay may masamang mangyayari.

Ang bagong infographic ng FTC, na binuo kasama ang American Bankers Association Foundation, ay nagbibigay ng mga tips para matulungan kang matukoy ang mga pain, maiwasan ang kalawit, at i-report ang mga phishing scam.

Mangyaring ibahagi ang impormasyong ito sa iyong paaralan o pamilya, mga kaibigan at katrabaho. Maaari mo ring subukan ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng paglalaro ng kaaya-ayang game na ito.

Gustong mo bang maiwasan ang pinakabagong panloloko? Mag-sign up para sa libreng alert para sa mamimili mula sa FTC sa ftc.gov/subscribe.